# Muling Magpipinta o Magkukumpuni ng Inyong Lumang Bahay?

## Protektahan ang Inyong Pamilya mula sa Pagkalason sa Lead



## Maaaring may lead sa pintura ng mga bahay na ginawa bago ang 1978.

### Huwag kiskisin o gamitan ng liha ang inyong bahay maliban na lamang kung alam ninyong wala itong lead.

**Maaaring makalikha ng mapanganib na alikabok na may lead ang pagkikiskis o paggamit ng liha sa lumang pintura**

Lubhang nakapipinsala sa mga bata ang lead na nasa alikabok at maaaring maging sanhi ng pagkalason sa lead. Maaaring makasama ang lead sa utak, nerbiyos, at bato ng mga bata. Posibleng mahirapang matuto, makinig at umasal nang mabuti ang isang bata dahil sa lead na nasa alikabok.



**Maaaring malunok o malanghap mo o ng iyong pamilya ang lead na nasa alikabok**

Maaari ninyong malanghap ang lead sa alikabok habang nagkikiskis o gumagamit ng liha. Maaari din itong malanghap ng mga taong malapit.

Maaaring bumagsak ang lead na nasa alikabok sa mga pagkain at inumin.

Kapag isinubo ng iyong anak ang mga bagay, kagaya ng mga laruan, o ang kanyang kamay sa bibig, maaaring makapasok ang lead sa alikabok sa kanyang katawan.

**Ipasuri kung may lead ang inyong pintura**

Tanging ang pagpapasuri lang ang paraan upang malaman kung may lead ang pintura. Para sa impormasyon tungkol sa pagpapasuri, pumunta sa www.cdph.ca.gov/Programs/CCDPHP/DEODC/CLPPB/Pages/home_test.aspx.

## Panatilihing ligtas ang inyong pamilya mula sa lead.

Kunin ang serbisyo ng isang CA State Certified lead professional. Dalubhasa ang mga kontraktor na ito sa pagsusuri kung may lead na nasa inyong bahay, at ligtas nilang matatanggal ito. Upang makahanap ng certified lead professional, pumunta sa www.cdph.ca.gov/Programs/CCDPHP/DEODC/CLPPB/Pages/LRChire_lead_prof.aspx o tumawag sa **1-800-597-LEAD (5323)**.

Bagamat mga CA State Certified lead professionals lamang ang makahahanap at makapag-aalis ng lead sa inyong bahay, kailangang magkaroon ang lahat ng mga kinukuhang kontraktor para sa pagkukumpuni ng bahay ng U.S. Environmental Protection Agency na aprubadong pagsasanay upang mapigilan ang lead sa pagkalat habang sila ay nagtatrabaho. Upang makahanap ng kontraktor na may batayang pagsasanay, pumunta sa http://cfpub.epa.gov/flpp/searchrrp_firm.htm o tumawag sa **1-800-424-LEAD (5323)**.

Kung wala kayong plano na kumuha ng kontraktor, sundin ang mga tip na ito upang hindi kumalat ang alikabok na may lead habang nagtatrabaho:

**Bago kayo magtrabaho**

- Tanggalin ang lahat ng bagay na nasa lugar kung saan kayo magtatrabaho, kagaya ng mga basahan, kurtina, kagamitan, laruan, damit, sapatos, pagkain, at inumin.
- Lagyan ng tape ang mga mabigat na plastic sheeting para sa mga trabaho sa loob at sa labas ng bahay. Takpan ang sahig, malalaking kagamitan, mga istruktura sa paglalaro, at malalapit na lugar sa labas, kagaya ng damo o konkreto.



- Patayin ang heater o air conditioner.
- Lagyan ng tape ang vents na nasa sahig, kisame, o pader.
- Gumawa ng kurtina sa pamamagitan ng pagte-tape ng plastic sheeting sa pintuan na papunta sa lugar kung saan kayo nagtatrabaho.
- Magsuot ng damit pangtrabaho at ihiwalay ito sa mga iba pang damit.

**Habang nagtatrabaho kayo**

- Ilayo ang mga bata at buntis sa lugar kung saan kayo nagtatrabaho
- Gumamit ng spray bottle upang mag-spray ng tubig sa lahat ng surfaces bago at habang nagkikiskis o gumagamit ng liha.
- Iwasan ang pagdadala ng lead na nasa alikabok palayo sa lugar kung saan kayo nagtatrabaho:
  - Huwag umalis sa lugar ng paggawa na suot pa ang damit at sapatos na gamit sa pagtatrabaho.
  - Hubarin ang mga damit at sapatos sa trabaho at maghugas ng kamay bago umupo, makipaglaro sa bata, o humawak ng laruan o iba pang mga bagay.



- Huwag kumain, uminom, o manigarilyo sa lugar kung saan kayo nagtatrabaho. Alisin ang damit at sapatos na gamit sa pagtrabaho, hugasan ang mga kamay, at umalis sa lugar ng paggawa bago kumain, uminom, o manigarilyo.

**Pagkatapos ninyong magtrabaho**

- Linisin araw-araw ang lugar ng paggawa.
  - Gumamit ng spray bottle upang basain ng kaunting tubig ang paint chips. Maingat na itupi nang paloob ang plastic sheeting, at ilagay sa bag na mahigit ang pagkakaselyado. Kung may lead ang pintura ninyo, dalhin ang bag sa inyong lokal na programa para sa pagtatapon ng mapanganib na basura: https://dtsc.ca.gov/universalwaste/household-hazardous-waste/.
  - Gumamit ng tubig at all-purpose cleaner upang linisin ang shelves, counters, sahig, at iba pang surface.



- Hubarin ang damit at sapatos na ginamit sa pagtatrabaho at itago sa bag. Labhan ang mga damit na pangtrabaho ng hiwalay sa labada ng pamilya.
- Kaagad na maligo at banlawan ang buhok pagkatapos magtrabaho.
- Huwag papasukin ang mga bata o buntis sa lugar kung saan kayo nagtrabaho hanggang sa malinis ninyo ito.

**Kung sa tingin ninyo, napunta ang inyong anak o ibang miyembro ng pamilya sa lugar kung saan mayroong lead, magtanong sa inyong doktor, upang makapagpasuri para sa pagkalason dahil sa lead.**

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkalason ng mga bata nang dahil sa lead, pumunta sa www.cdph.ca.gov/programs/clppb o tumawag sa **1-510-620-5600**.

CHILDHOOD LEAD POISONING PREVENTION BRANCH

CDPH

Tagalog

# Repainting or Fixing Up Your Older Home?

## Protect Your Family from Lead Poisoning



## Homes built before 1978 may have lead in the paint.

**Do not scrape or sand paint on your home unless you know it does not have lead in it.**

### Scraping and sanding old paint can create dangerous lead dust



Lead in dust is very harmful to young children and can cause lead poisoning. Lead can harm the brain, nerves, and kidneys of a young child. Lead poisoning can make it very hard for a young child to learn, pay attention, and behave.

### You and your family can swallow or breathe in lead dust

You can breathe in lead dust while dry scraping or sanding. Others nearby can breathe it in too.

Lead dust in the air can fall down into your food and drinks.

Lead dust can get into your child's body when they put things in their mouth that have lead dust on them, like their toys or hands.

### Have your paint tested for lead

The only way to know if your home has lead in the paint is to have it tested. For information about testing, go to www.cdph.ca.gov/Programs/CCDPHP/DEODC/CLPPB/Pages/home_test.aspx.

## Keep your family safe from lead

Hire a CA State Certified lead professional. These contractors are specially trained to test for lead in your home and safely remove it. To find a certified lead professional, go to www.cdph.ca.gov/Programs/CCDPHP/DEODC/CLPPB/Pages/LRChire_lead_prof.aspx or call **1-800-597-LEAD (5323)**.

While only CA State Certified lead professionals can find and remove lead from your home, all contractors hired for home repairs must get U.S. Environmental Protection Agency approved training to keep lead from spreading while they work. To find a contractor with this basic training, go to http://cfpub.epa.gov/flpp/searchrrp_firm.htm or call **1-800-424-LEAD (5323)**.

**If you do not plan to hire a contractor, follow these tips to help contain lead dust while you work:**

### Before you work

- Remove everything you can from the work area, like rugs, curtains, furniture, toys, clothes, shoes, food, and drinks.
- Tape down heavy plastic sheeting for both inside and outside jobs. Cover the floor, big furniture, play structures, and nearby outside surfaces, like grass or concrete.
- Turn off the heater or air conditioner.
- Tape plastic over vents in the floor, ceiling, or walls.



- Make a curtain by taping plastic sheeting over the doorway to the work area.
- Put on work clothes and keep them separate from all other clothes.

### While you work

- Keep children and pregnant women away from the work area.
- Use a spray bottle to mist all surfaces with water before and during sanding and scraping.
- Avoid tracking lead dust away from the work area:
  - Do not leave the work area in your work clothes and shoes.
  - Take off work clothes and shoes and wash your hands before sitting on furniture, playing with children, or touching toys or other objects.
- Do not eat, drink or smoke in the work area. Take off work clothes and shoes, wash your hands, and leave the work area before eating, drinking, or smoking.



### After you work

- Clean up the work area daily.
  - Use a spray bottle to mist paint chips. Carefully fold plastic sheeting inward and place in a tightly sealed bag. If your paint has lead in it, take the bag to your local household hazardous waste program: https://dtsc.ca.gov/universalwaste/household-hazardous-waste/.
  - Use water and an all-purpose cleaner to clean the shelves, counters, floors, and other surfaces.



- Remove work clothes and shoes and store them in a bag. Wash work clothes separately from the rest of your family's laundry.
- Shower and wash your hair as soon as you finish working.
- Do not let children or pregnant women into the work area until you have cleaned it up.

**If you think that your child or other family member has been around lead, ask your doctor to test for lead poisoning.**

For more information on childhood lead poisoning, go to www.cdph.ca.gov/programs/clppb or call **1-510-620-5600**.

CHILDHOOD LEAD POISONING PREVENTION BRANCH

CDPH